CALL FOR NOMINATIONS

Gawad Bayani ng Kalikasan 2011

Parangal sa Magigiting na Pakikibaka para sa Kalikasan at Karapatan

Lubhang sagana sa likas na yaman ang bansang Pilipinas. Taglay ng ating mga kagubatan, kabundukan, kalupaan, katubigan, at karagatan ang sapat na rekurso upang mamuhay ng sagana at mapayapa ang mamamayang Pilipino.

Ngunit sa nakalipas na mga dekada ay mabilis na nasira ang kapaligiran, nanganib ang kalikasan, at nasaid ang likas na yaman. Nakalulungkot na kaalinsabay ng pagkasira ng kapaligiran ay ang kahirapang dulot ng maramihang pagpapalikas sa mga mamamayan mula sa kanilang mga lupang tinatahanan at pinagkukunan ng ikabubuhay.

Marami sa mamamayang Pilipino ang nag-alay ng kanilang husay, pagod, panahon, at maging buhay upang ipagtanggol ang karapatan ng karaniwang tao at pambansang patrimonya laban sa pandarambong ng mga nagpapakasasa sa yaman ng bansa. Sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at paninindigan, nagsisilbi silang inspirasyon para sa mga umuusbong na henerasyon.

Bilang pagpupugay sa mga pakikibakang ito, inilulunsad ng Center for Environmental Concerns-Philippines, sa pakikipagtulungan ng Gawad Bayani ng Kalikasan Awards Committee, Department of Environment and Natural Resources, Foundation for the Philippine Environment, Agham-Advocates of Science and Technology for the People, Haribon Foundation, Ecowaste Coalition, Panalipdan Mindanao at Central Visayas Fisherfolk Development Center Inc., ang **Gawad Bayani ng Kalikasan (GBK),** isang taunang pagkilala sa mga natatanging indibidwal at organisasyong naging kabahagi ng kilusan para sa kalikasan, buhay, at karapatan.

Layunin ng Gawad Bayani ng Kalikasan na:

a. Mapatampok ang mga usaping pangkalikasan at ang kalagayan ng mamamayan na lubos na umaasa ditto

b. Mabigyan ng pagkilala ang magigiting na pakikibaka ng mamamayan para sa pagtatanggol sa kalikasan, buhay at karapatan, upang magsilbing huwaran at aral sa mamamayang patuloy na nagtatanggol o lumalaban para sa kalikasan

c. Mabigyan ng pagkilala ang natatanging gawain at inisyatiba ng mga simpleng indibidwal o organisasyon na nagkaroon ng malaking ambag sa pamamahala sa kalikasan at pangkalahatang kagalingan ng mamamayan sa nasyunal o lokal na antas man.

d. Palakasin ang ugnayan sa pagitan ng sustinableng pangangalaga at konserbasyon ng kalikasan at ng pakikibaka para sa panlipunan, pang-ekonomiya, at pampulitikal na karapatan ng mamamayan.

MGA KATEGORYA

Ibibigay ang Gawad Bayani ng Kalikasan sa pito na mapipili ng Lupon ng Hurado: tatlo (3) para sa **Gawad sa Indibidwal** at tatlo (3) para sa **Gawad sa Organisasyon** at isang Natatanging Gawad,

Pipili ang Lupon ng Hurado ng isa (1) na tatanggap ng **Natatanging Gawad**, bilang pagkilala sa paggiging halimbawa at inspirasyon nito sa mamamamayang Pilipino para sa pag-aalay ng panahon at kakayahan para sa pagtataguyod ng kalikasan at pagsusulong sa kagalingan ng mamamayan.

Gawad sa Indibidwal - Igagawad sa mga indibidwal na nagpamalas ng pambihirang kakayahan upang itaguyod ang kapaligiran at kapakanan ng sambayanan. Maaaring namuno sila sa kampanya ng pagtatanggol sa mamamayan at kalikasan o nakagawa ng natatanging paraan, pananaliksik, pananalita, panulat o imbensyon para sa ikabubuti ng kalikasan at mamamayan.

Gawad sa Organisasyon – Igagawad sa mga samahang pangmasa o pangkomunidad, organisasyon at institusyon na nagpamalas ng mahigpit na pagkakaisa upang ipauna ang kapakanan ng nakararami at ng kalikasan. Nakapaglunsad ng natatanging gawain, pakikibakang ibayong makapagsusulong ng pagtatanggol ng kalikasan at pagpapahusay ng kalagayan ng mamamayan

MGA ALITUNTUNIN AT MGA REKISITO

1. Ang Gawad Bayani ng Kalikasan ay maaaring ipagkaloob sa mga indibidwal at organisasyon na nagsusulong ng magigiting na mga pakikibaka o natatanging gawain upang ipagtanggol ang kalikasan at ang karapatan ng mamamayang Pilipino sa likas na yaman.

2. Ang bawat kandidatong Bayani ng Kalikasan ay dapat na may nominasyon[1] mula sa dalawa o higit pang indibidwal o organisasyon, komunidad o institusyon.

3. Hindi maaaring inomina ng indibidwal o organisasyon ang kanyang sarili.

4. Kailangang magpadala ng dalawang (2) kopya ng dokumento (hard copy) at isang (1) kopyang elektroniko sa CD (Adobe o pdf format), ng nomination form at mga kaugnay na dokumentong nabanggit sa ibaba. Ipaloob ang mga ito sa isang long brown envelop at ipadala o ipasa nang personal sa tanggapan ng Sekretaryat ng Gawad Bayani ng Kalikasan bago dumating ang **alas-dose ng gabi ng Hulyo 15, 2011.**

[1] *Maaring i-download ang nomination forms sa www.cecphils.org*

Para sa Indibidwal	Para sa Organisasyon
• *Nomination Form* • *Biography o Talambuhay* • *Dalawa (2) o higit pang Liham ng Rekomendasyon mula sa iba't ibang indibidwal, organisasyon, komunidad o institusyon.* • *Isang pahinang salaysay hinggil sa natatanging ambag ng indibidwal o magiting na adbokasiya at pakikibaka niya, para sa kalikasan at karapatan. Ito ay dapat na makinilyado o kompyuterisado (Font 12-Arial), dobleng espasyo sa 8.5 x 11 na bond paper at may palugit na isang pulgada sa itaas, sa ibaba, at magkabilang tabi.* ***Optional**:* • *Mga nailathalang sulatin o mga talumpating inilahad ng nominado* • *Mga gantimpala o pagkilalang natanggap, kung meron* • *Mga nailathalang artikulo o dokumento (clippings mula sa magasin o dyaryo, mga larawan, website o blog, o video) tungkol sa nominado*	• *Nomination Form* • *Kasaysayan ng Organisasyon na nagsasalamin kung paano inaabot nito ang mithiin, layunin ng organisasyon* • *Dalawa (2) o higit pang Liham ng Rekomendasyon mula sa iba't ibang indibidwal, organisasyon, komunidad o institusyon* • *Isang pahinang salaysay hinggil sa natatanging ambag ng organisasyon o magiting na pakikibaka ng organisasyon para sa kalikasan at karapatan. Ito ay dapat na makinilyado o kompyuterisado. (Font 12-Arial), dobleng espasyo sa 8.5 x 11 na bond paper at may palugit na isang pulgada sa itaas, sa ibaba, at magkabilang tabi.* ***Optional**:* • *Mga Publikasyon – Taunang Ulat, Brochure, Newsletter, aklat, website o blogsite, documentary video/ pelikula, at iba pa, ng organisasyon* • *Mga gantimpala o pagkilalang natanggap, kung meron* • *Mga nailathalang artikulo o dokumento (clippings mula sa magasin o dyaryo, mga larawan, website o blog, o video) tungkol sa organisasyon.*

5. Hindi dapat humigit sa 30 pahina ang lahat ng dokumentong isusumite.
6. Hindi na isasauli ang mga dokumentong ito.
7. Ang mga dokumentong ay dapat nakasulat sa wikang Filipino o Ingles
8. Maaaring ipadala ang kumpletong dokumento para sa mga nominado sa:

Gawad Bayani ng Kalikasan Secretariat
#26 Matulungin Street, Barangay Central, Diliman,
Quezon City, Philippines1101

PAMANTAYAN SA PAGPILI

Isang pangkat na binubuo ng *tatlong personahe ang tutukuyin ng Komite ng Gawad upang magsilbing Lupon ng Inampalan (Board of Judges).* Ang Lupong ito ang siyang pipili ng itatanghal na mga Bayani ng Kalikasan, batay sa mga sumusunod alituntunin at criteria na ipininal ng Komite ng Gawad Bayani ng Kalikasan.

Gawad sa Indibidwal	
Paglilingkod at Pagmamahal sa mamamayan May malaking iniambag sa pagtanggol sa kapakanan ng mamamayan o pagsusulong ng kanilang kagalingan	**30%**
Pagtanggol sa Kalikasan at Pambansang Patrimonya Aktibong ipinagtatanggol ang karapatan ng mamamayan sa malusog na ekolohiya at pambansan patrimonyang nagsisilbi sa kapakanan ng mamamayan	**25%**
Pamumuno (Leadership) Nakapagbigay ng inspirasyon sa mamamayan upang patuloy na lumahok sa pagtatanggol ng kalikasan at pagtataguyod sa kapakanan ng mamamayan	**25%**
Katapatan at matibay na paninindigan (Integrity) Nagpamalas ng paninindigan sa harap ng mga pagsubok	**20%**

Gawad sa Organisasyon	
Katangian ng organisasyon Nagtataglay ng signipikante at aktibong kasapian mula sa batayang masa at itinataguyod ang mga prinsipyo ng demokrasya at pagsandig sa sariling lakas	**10%**
Mga Layunin at Programa Nagtataglay ng siyentipiko, makamasa, maka-kalikasan, makabayan at progresibong pagpapahalaga	**20%**
Mga kampanya at pagkilos Buong tiyagang naglunsad o naglulunsad ng mga gawain at kampanya upang ipagtanggol ang kalikasan at pangkalahatang kapakanan ng mamamayan	**40%**
Resulta o Kongkretong tagumpay Nakakakamit ng konkretong tagumpay, nakatulong sa komunidad sa pamamagitan ng mga proyekto o kampanya, at pinalalakas ang sarili nitong kapasidad at pagkakaisa	**30%**